Department of **Education**

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Ang Unique Student Identifier

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Kinakailangan ng Pamahalaan ng Australya na magkaroon ng isang Unique Student Identifier (USI) ang bawat isa na nagsasagawa ng kwalipikasyon sa pagsasanay na kinikilala sa buong bansa.

Kabilang dito ang mga mag-aaral sa paaralan na nag-eenrol sa isang kwalipikasyon ng Vocational Education and Training (VET) bilang bahagi ng kanilang programa sa paaralan.

### Ano ang USI?

Ang USI ay isang indibidwal na numero ng edukasyon na mananatili sa isang tao habambuhay. Ang USI ay nagbibigay-daan sa mga talaan sa pagsasanay at mga resulta ng isang tao na ma-access sa isang online account na kinokontrol nila. Ito ay kinakailangan kapag nag-eenrol ng karagdagang pag-aaal wa anumang organisasyon ng pagsasanay.

Libre ang pagkuha ng isang USI at magtatagal ng humigit-kumulang 5 minuto. Ang isang online na USI account ay maaaring ma-access sa online sa anumang oras.

### Paano nakakagawa ang isang mag-aaral ng isang USI?

1. Kakailanganin ng isang mag-aaral ang dalawa sa mga sumusunod na uri ng pagkakakilanlan bago maumpisahan ang aplikasyon:
   - Lisensya sa pagmamaneho
   - Medicare Card
   - Pasaporte ng Australya
   - Visa (na may Pasaporteng hindi Australyano) para sa mga internasyonal na mag-aaral
   - Sertipiko ng Kapanganakan sa Australya, paalala ang isang Birth Certificate extract ay hindi sapat
   - Certificate of Registration By Descent
   - Citizenship Certificate
   - ImmiCard

   Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga uri ng pagkakakilanlan, magpunta sa http://www.usi.gov.au/help-centre/proof-of-ID/Pages/proof-of-ID.aspx
   Ang mga detalyeng ipinasok ay dapat magkatugma sa mga detalyeng nakalagay sa uri ng ID na ginamit. Sa pamamagitan ng paggamit ng isang uri ng ID na nakalista sa itaas kapag ang isang USI ay binubuo, pinapayagan nito ang Pamahalaan na kilalanin ang tao upang matiyak nilang ang USI ay talagang natatangi sa taong iyon.

2. Tiyakin na ang mga handa ang mga personal na detalye sa pakikipag-ugnay, tulad ng isang email address.
3. Magpunta sa USI website https://www.usi.gov.au/students/get-a-usi.

D23/1256054
June 2023
CC BY Exclusions may apply

4. I-klik ang pindutan na ‘Click here to Get your USI’ at sumunod sa mga hakbang.
5. Kung ang mag-aaral ay gumagawa ng isang kwalipikasyon sa VET, ang USI ay dapat ibigay sa paaralan ng mag-aaral.

Makahanap ka ng impormasyon tungkol sa USI sa iba pang mga wika sa https://www.usi.gov.au/languages.



Exclusions may apply